Setyembre 2004

# Kalayaan

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG KABATAANG MAKABAYAN

**EDITORYAL**


## Matalas na ilantad ang krisis, agresibong magmulat, mag-organisa at magpakilos para sa ibayong pagsulong! Palaganapin ang pambansa demokratikong linya, paigtingin ang pakikidigmang pang-edukasyon at pampropaganda!

***Pahayag ng Balangay Andres Bonifacio – Kabataang Makabayan***

**Nagbubukas ngayon ang kabataang Pilipino sa bagong yugto ng paglaban.**

Binubuksan natin ang paghahanda sa pagdiriwang sa ika-40 anibersaryo ng dakilang rebolusyonaryong organisasyon nating mga kabataan, ang Kabataang Makabayan. Kaalinsabay, sa harap ng krisis na kasalukuyang bumabayo sa malapyudal at malakolonyal na lipunan, binubuksan natin ang pagpapaigting ng ating pakikidigmang pang-edukasyon at pampropaganda sa pagpapalaganap ng pambansa demokratikong linya. Sa mga pagbubukas na ito, pinapatunayan natin ang ating pagsisikap na maging pinakamabubuting anak ng bayan, buo ang loob na maglingkod sa bayan.

Kasama ng sambayanan, tayong kabataan ay nahaharap sa papatinding atake ng rehimeng US-Arroy. Sinasamantala ngayon ng rehimen ang krisis na hindi na nito maitago para magpataw at magpatupad ng mga patakarang pahirap sa sambayanan at kabataan. Matagal na tayong naghihirap ngunit hinihingian pa tayo ng tiis at sakripisyo upang patuloy na bundatin sa kita ang mga monopolyong korporasyong transnasyunal at mga dambuhalang bangkong internasyunal. Araw-araw, inilalantad ng rehimen ang sarili bilang rehimen ng mga imperyalista, malalaking panginoong maylupa at burgesya-komprador na umaatake sa interes ng kabataan at sambayanang Pilipino. Binabawasan ang pondo para sa ating edukasyon, at iba pang serbisyong panlipunan. Napakailap ng... *SUNDAN SA PAHINA 2*



Kalayaan

## Nilalaman


Pahayag ng Balangay Andres Bonifacio P.1

Gabi ng Kultura P.3

Silakbo ng Namumuong Sigwa P.4

PPDR: Programa ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon P.6

Alab: Fahrenheit P.8

Pag-ugat at Panunukat P.12



Ang *Kalayaan* ay buwanang inilalabas ng Pambansang Kalihiman ng KM.

Maaari itong i-*download* mula sa kabataangmakabayan.tripod.com

Tumatanggap ang *Kalayaan* ng mga kontribusyon, artikulo, rebyu at likhang-sining mula sa mga kasapi ng KM sa buong bansa. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng kanilang mga puna at mungkahi para sa ikauunlad ng pahayagan. Maaaring mag-*email* sa kabataangmakabayan64@yahoo.com

Ang Kabataaang Makabayan (KM) ay kasaping organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).


trabaho at ang mga trabahong nakukuha ay labis na mapagsamantala. Pinagtratrabahong-kalabaw tayo sa kanayunan ngunit walang anumang ginhawa sa atin kabuhayan. patuloy na lumiliit ang kita ng karaniwang kabataan at maralita sa paghahanap-buhay. Sa lahat ng larangan ng ating buhay at pakikipagsapalaran, inaatake tayong mga kabataan.

Sa pagtindi ng krisis ng lipunan – kung saan ang mga balita ay tungkol sa pagsahol ng sitwasyon ng bansa habang matumal ang balita sa anumang pagbangon ng kabuhayan – lalong dumidilim ang hinaharap nating mga kabataan sa kasalukuyang sistema. Tayo, higit kanino pa man, ang sasaksi at daranas ng patuloy na pagtindi ng krisis ng ating lipunan. Atin ang kinabukasang pinadidilim ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo. Tayo ang may kapasyahan, walang-takot na dedikasyon, militansya, hindi masupil na dinamismo at napakaraming mapanlikhang kakayahan na wawasakin at wawaldasin ng pagsasamantala, krimen, kawalan ng pag-asa at ng patutunguhan. Maagang pinapatay ng ganitong lipunan ang henyo sa bawat kabataan, lalo na sa pagtindi ng krisis na sumasalanta sa bayan.

Apatnapung taon mula noong itinatag ang Kabataang Makabayan, nananatiling buhay at nagpapanibagong-lakas ang katotohanang itinambol nito sa lipunan at kasaysayan: na taning ang rebolusyong pambansa-demokratiko ang babago sa bulok na lipunang ito at magliligtas sa kabataan at taumbayan sa kumunoy ng kahirapan at kamatayan. Apatnapung taon ito ng rebolusyonaryong pagpupunyagi at pag-aambag sa harap ng lahat ng kahirapan at panunupil ng mga reaksyunaryong rehimen. Marapat lamang na atin itong ipagbunyi at ipagdiwang. Ngunit paano natin ipagbubunyi at ipagdiriwang ang ika-40 taon ng dakilang rebolusyonaryong organisasyong ito ng kabataan? Sa pamamagitan ng pagkamit ng mas malaking tagumpay sa ating pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masang kabataan at anakpawis para sa ibayong pagsulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Magbubunyi t magdiriwang tayo sa pamamagitan ng buhay na pagrerebolusyon ayon sa mga prinsipyo at halimbawa ng Kabataang Makabayan.

Sa kongkreto, narito ang ating mga tungkulin:

1.) **Mag-ambag sa mapangahas na pagpapalawak at pagpapalakas sa pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasista ng sambayanan at kabataang Pilipino!** Makipagkaisa tayo sa masang kabataan at anakpawis sa pagtatanggol sa ating mga interes at karapatan. Labanan natin ang mga pahirap, kontra-kabataan at kontra-taumbayang patakaran na itinutulak ngayon ng rehimeng US-Arroyo. Ituon natin sa reaksyunaryong rehimen ang pinakamatinding bigwas para ihiwalay at pabagsakin ito batay sa mga kongkretong isyu ng kabataan at taumbayan. Pag-ambagan natin ang pagsusulong ng mga kampanya at pakikibakang masa sa ating gawain sa organisasyon at edukasyon.

2.) **Palawakin at sinsinin ang rebolusyonaryo at progresibong propaganda at pampulitikang edukasyon sa hanay ng masang kabataan at anakpawis!** Isiwalat natin sa masang kabataan at anakpawis ang ugat ng kasalukuyang krisis sa malapyudal at malakolonyal na kalagayan ng lipunan, pananalasa ng imperyalistang "globalisasyon", teroristang gera at interbensyong US, at mga hambalos ng pandaigdigang krisis ng imperyalismo. Matiyaga tayong magpaliwanag sa mamamayan para labanan ang sistematiko at walang humpay na kasinungalingan, psy-war at paninira ng reaksyunaryong rehimen at sandatahang lakas nito. Maksimisahin natin ang lahat ng porma ng propaganda – pasalita, biswal at kultural – para ipaliwanag ng tanging ang pambansa demokratikong rebolusyon ang solusyon sa kronikong krisis ng lipunan, at para engganyuhin ang masang kabataan at estudyante na lumahok sa pagsusulong nito.

3.) **Malalim na pag-aralan ang ating pambansa demokratikong linya, ang kasalukuyang krisis, at ang rebolusyonaryong solusyon dito!** Palalimin natin ang ating paggagap sa kasalukuyang krisis, imperyalismo, pag-iral ng burukrat-kapitalismo, terorismo ng imperyalismo at ng neo-kolonyal na estado, pakikibakang anti-pyudal sa kanayunan at ang buong pakete ng ating pambansa demokratikong linya. Layunin natin ang magpanday sa aitng hanay ng mahuhusay na edukador, propagandista at ahitador ng masa na mag-aambag sa rebolusyonaryong gawain saanman kailangan sa buong kilusan at kapuluan. Aktibo nating tunggaliin ang mga reaksyunaryo at kontra-rebolusyonaryong kaisipan na namamayagpag sa ating kinikilusang paaralan at saanman natin ito matagpuan. Patatagin natin ang ating mga kolektiba bilang kolektiba ng mga pag-aaral.

4.) **Agresibong palakihin ang ating hanay!** Agresibo tayong magrekluta ng mga bagong kasapi. Mahalagang usapin sa pagsusulong at pagtatagumpay ng rebolusyon ang

SUNDAN SA KASUNOD NA PAHINA

# Gabi ng kultura, matagumpay na inilunsad

MATAGUMPAY NA INILUNSAD ng Balangay Joseph Enriquez, Armando Teng at Roberto dela Paz ng Kabataang Makabayan sa Maynila ang isang gabi ng pangkulturang pagtatanghal sa isang pook sa Maynila noong Agosto 24, 2004.

Ginanap ang naturang aktibidad bilang pagtugon sa panawagan ng Pambansang Kalihiman ng KM sa ibinahaging bukas na liham sa mga kasapi nito noong nakaraang Red Letter Day. Layunin ng aktibidad na ipamalas ang pakikibaka, pag-ibig at paglilingkod sa masa sa pamamagitan ng iba't ibang porma ng mga pangkulturang pagtatanghal. Masigasig na nagtanghal ng kani-kanilang mga presentasyon ang bawat balangay at ilang mga piling kasapi ng KM. May mga nagbasa ng tula, umawit at nagpamalas ng kanilang mga orihinal na akda.

Pangunahing layunin din ng aktibidad na tipunin ang mga kasapi ng KM bilang paghahanda sa nalalapit na pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng organisasyon. Sa pamamagitan ng gabi ng kultura, naitaas ang kamulatan ng mga kasapi sa gawaing pangkultura at kung paano nito maipalalaganap ang pambansa demokratikong linya sa rebolusyon.

Bukod sa mga pangkulturang pagtatanghal, naglahad din ang bawat balangay ng kanilang mga karanasan sa pag-oorganisa upang paghalawan ng aral ng bawat kasapi. Inilahad din nila ang kani-kanilang mga plano para sa darating na anibersaryo.

Pinakatampok na bahagi ng programa ang pagbasa ng isang liham mula sa kanayunan na naghikayat sa mga kasapi na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at maglingkod ng buong panahon sa masang magsasaka sa kanayunan.

Dinaluhan ang gabi ng kultura ng mahigit 25 kasapi ng KM mula sa iba't ibang kolehiyo, komunidad at palengke sa lugar.ꕥ

***-Louie J. Ledesma***

**Sa diwa ng paglilingkod sa sambayanan**

## Pangkulturang organisasyon, naki- "tagay" sa piketlayn

Matagumpay na idinaos ng KARATULA (Kabataang Artista para sa Tunay na Kalayaan) ang kanilang *Basic Masses Integration—Cuatro Cantos* sa piketlayn ng mga manggagawa ng San Miguel Corporation Warehouse, Pureza, Sta. Mesa, noong nakaraang Oktubre 9, 2004.

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-apat na anibersaryo ng progresibong organisasyon ng mga kabataang artista't manunulat ngayong taon, kaalinsabay ng mahigpit na pagtangan ng grupo sa programa ng pakikipamuhay at paglubog sa mga aping sektor ng lipunan, naglunsad ng mga talakayan hinggil sa kalagayan ng mga SMC workers, mga kagyat na kahilingan at kampanya ng mga manggagawa para sa 125 pagtaas ng sahod across the board, across the board nationwide, at palihan sa tula-dula. Nagtapos ang buong araw sa isang *cultural night* na kinatampukan ng mga *output* mula sa palihan, mensahe ng mga manggagawa at *integrees*, at *jamming* ng mga progresibong awit na pinopolarisa ng KARATULA.

Kasama sa mga naki-"tagay" sa Cuatro Cantos ang mga balangay ng KARATULA sa iba't-ibang pamantasan tulad ng Alay Sining sa UP Diliman, Kamanyang sa PUP, KARATULA UP Manila at KARATULA UE Recto.ꕥ

*MULA SA PAHINA 2*

maramihang paghamig sa kabataan at pagmamaksimisa sa ating mapanlikhang potensyal. Ibayo tayong makakasaklaw kung mapaparami ang mga kasama natin sa bag-as ng kilusang masa. Maging pangahas tayo sa pagrerekluta sa maraming kabataan, gayundin sa pagkokonsolida sa kanila hanggang sa lubos nilang masapul ang ating pambansa demokratikong linya at ng iba't ibang porma ng pakikibaka ng pagsusulong nito, at maging handa sa aktwal na pag-aambag dito. Palakihin natin ang ating kasapian nang 100% tungo sa pagtatayo ng ating mga balangay batay sa ating kakayahan.

5.) **Suportahan ang, at sumanib sa, pakikibaka ng masang anakpawis sa pagawaan, komunidad at kanayunan!** Napag-iiba ang rebolusyonaryo sa hindi rebolusyonaryong kabataan sa paniniwalang kailangang sumanib sa mga pakikibaka ng masang anakpawis, at sa aktwal, ay ginagawa sa pakikibaka ng masang anakpawis sa kanayunan. Programa natin ang integrasyon sa mga maralitang-lunsod, manggagawa at magsasaka, gayundin ang pag-eengganyo sa pinakamaraming kabataan at estudyante na sumama sa ganitong integrasyon. Sa ating mga hanay, aktibo nating talakayin ang pangangailangan ng paglulunsad sa pangunahing porma ng pakikibaka, gayundin ang pangangailangan sa ating mga kabataan-estudyante sa paglulunsad at pagpapaigting nito. Sikapin nating kumalap ng buhay na karanasan sa pag-oorganisa sa mga pinagsasamantalahang uri. Simulan natin ngayon ang pagbugso nating mga kabataan tungo sa mga maralitang komunidad, pabrika at sakahan. Kagyat natin itong planuhin.

Sa ganitong buhay na pagbubunyi at pagdiriwang, mag-ambag tayo sa ibayong pagsulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Napakainam ng kalagayan upang ipaunawa ang ating pambansa demokratikong linya sa kabataan at sambayanan. Binubutas ng rehimen ang tiyan nating kabataan at taumbayan, ngunit binubuksan din nito ang ating mga isip sa pangangailangan ng pagbabagong panlipunan. Sa kagustuhang mabuhay, pinapatay ng rehimen ang sarili. Ginagalit at ginigigil nito ang sambayanan na lumaban at ibagsak ang bulok na lipunan tungo sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Walang ibang panahon kundi ngayon. Buksan natin ang ating mga sarili sa ubos-kayang paglilingkod.ꕥ

# Silakbo ng namumuong sigwa

## Ang gunita ng First Quarter Storm sa patuloy na pagdaluyong ng pambansa-demokratikong kilusan

**Emmanuel K. Guillermo**

Tila buhawi ng libong alipato ang sumalakay sa lansangan. Tila kidlat na lintik na humalik sa paanan ng Mendiola.

Hindi masaganang ulan ang hatid ng ugong ng hangin kundi ang liyab ng nagngangalit na mamamayan. Hindi maaapula ng hagupit ng water cannon o ng mga dagok, sipa't tadyak ang sinilabang damdamin ng mga kabataan.

Kinalaunan, kinilala bilang Sigwa ng Unang Kuwarto o First Quarter Storm (FQS) sa kasaysayan ang sumalantang unos sa pagbubukas ng dekada '70. Wala mang nakakinita sa pagdating ng bagyo, nagbadya naman ng namumuong sigwa ang mga kagananapang iniwang bukas ng nagsarang dekada.



### Madilim na papawirin, manaka-nakang pagkulog at pagkidlat

Sariwa pa sa gunita ng mga grupong militante ang pagkilos noong Oktubre 24, 1966, nang bumista ang pangulo ng imperyalistang Estados Unidos na si Lyndon B. Johnson sa bansa para sa ginanap na Manila Summit. Masikhay ang naging kampanya laban sa anti-komunistang agresyong US sa Vietnam.



Nagbunsod ito sa pagsugod ng mga aktibista sa Manila Hotel kung saan tumuloy si Johnson upang manawagan sa kagyat na pagpapauwi ng Philippine Civic Action Group (Philcag) mula sa Vietnam. Iniangat ang anti-gerang sentimyento ng mga pagkilos sa panawagang buong-loob na labanan ang imperyalistang interbensyon sa bansa at iba pang mga karatig-bayan.

Marahas na binuwag ng Metrocom ang mga demonstarasyon ngunit lalo lamang nitong sinindihan ang ligalig ng panahon. Lalong naging maigting ang mga kilos-protesta sa lansangan, tila nagbabanta ng mas matinding kumprontasyon sa naghihintay na muling pagtutuos.

Nagsara ang dekada '60 sa muling pagkaluklok ng pasistang rehimen ni Ferdinand Marcos sa Malacañang kasabay ang lumalalang krisis pang-ekonomiya sa bansa. Umigting ang pagkadismaya ng mga mag-aaral dala na rin ng pagtaas ng mga bilihin at matrikula. Dumalas ang mga pagboykot sa mga klase at pagpiket ng mga estudyante.

Mabilis na nabuo at lumawak ang kilusang kabataan sa mga pamantasan at paaralan, at di kalauna'y maging sa mga pabrika, kanayunan at komunidad, sa pangunguna ng Kabataan Makabayan (KM). Sa paglakas ng kilusang kabataan, nakipakaisa ito sa mga militanteng unyon ng mga manggagawa at iba pang organisasyon ng iba pang sector ng lipunan upang isulong ang panawagan para sa panlipunang katarungan sa gitna ng tumitinding krisis.



### Sa mata ng unos

Nagsanib ang mga alipato ng pagkilos at pag-aaklas, kalakhan nito'y nagmula sa mga pamantasan tulad ng Unibersidad ng Pilipinas, Philippine College of Comerce, Philippine Normal College at Lyceum of the Philippines, upang pabulaanan ang State of the Nation Address ni Marcos noong Enero 26, 1970.

Sa labas ng Kongreso, inihayag ng militanteng kilusan sa pangunguna ng KM ang tunay na kalagayan ng bansang malapyudal at malakolonyal. Binaha ang lansangan ng mga plakard na humihiyaw sa pagtuligsa ng pamamayani ng pasismo, at sa imperyalistang impluwensiya sa pamamalakad ng bansa.

At sa paglabas ng mag-asawang Marcos mula sa Kongreso, lumipad ang *effigy* ng buwaya at kabaong sa direksyon ng Pangulo at Unang Ginang bilang hudyat sa kaguluhang magaganap. Sumugod ang pwersa ng MetroCom at Philippine Constabulary sa libu-libong ralyista at nagsimula na ang hagaran at salpukan ng magkabilang pwersa. Bagamat walang sandata, hindi nagpatinag

SUNDAN SA KASUNOD NA PAHINA

ang mga kabataan sa mga pamalo at kalasag ng mga pulis. Bagkus, ganting mga bato ang nagliparan. Mistulang nag-iinit sa singaw ng karahasan ang dapat sanang malamig na gabi ng Enero. Balisa ang malalim na gabi habang patuloy ang bakbakan sa Burgos Drive sa pusod ng Maynila. Umuwi ang laksa-laksang sugatan, nagpupuyos pa rin sa galit.

Umalingawngaw sa loob ng mga pamantasan ang pagtuligsa sa karahasan at pasismo ng puwersa ng gobyerno laban sa mga demonstrador. Kinundena ni Salvador P. Lopez, dating pangulo ng UP, ang karahasang sumalubong sa kabataan. Aniya, "[A]ng kaganapan noong Enero 26 ay naghahapag ng pundamental na katanungan: posible pa ba na baguhin sa pamamagitan ng mapayapang paraan ang ating lipunan upang mapalaya ang mga binusabos at pinagsamantalahan, ng mismong batas at gobyerno, kaysa maghintay sa mga hungkag na pangako ng panlipunang katarungan sa ating Saligang Batas."





Ngunit hindi doon nagtapos ang unos. Isang mas marahas na paghaharap ang naganap noong Enero 30. Tila walang pagkahapo ang mga kabataan at iba pang sektor na tmungo sa Mendiola upang igiit ang makatarungang pagbabagong pinipigil ng pasistang rehimeng Marcos. Muling nasilaban ang mga nagngangalit na damdamin. Inaabot ang bakbakan hanggang sa Quiapo, hanggang madaling araw.

## Patuloy ang pagdaluyong

Palatandaan ng bagyong sumalanta ang nagakalat na mga basag na salamin ng kotse't sunog na trak ng bumbero, mga basang plakard at batong may bahid ng dugo. Hindi lamang mga punit na blusa't maong, putok na noo at may bali't pasang braso ang iniluwal ng pinakamahabang linggong iyon sa kasaysayan. Bagkus, ang ragasa ng unos ay dumaluyong sa lahat ng sulok ng kapuluan upang diligan ng ligalig ng panahon, habang sa kanayunan, namumuo ang mas matinding sigwa. Upang ipagpatuloy ang ningas na nasindihan, naglunsad din ng mga malawakang pag-aaral sa anyo ng mga *educational discussion* at *teach-in*.

Sa mga *teach-in* na ito pinangalanan ang imperyalismo, pyudalismo at pasismo bilang pangunahing nagpapahirap sa sambayanan. Di kalauna'y tinukoy ang pasismo bilang kasangkapan ng rekasyunaryong estado, habang tinawag na burukrata kapitalismo ang sabwatan ng pamahalaan at mga higanteng burgesya kumprador/ panginoong maylupa sa pagpapatindi ng pananamantala.

Mahigit na tatlong dekada na ang nakalipas ngunit patuloy ang salanta ng lumalalang krisis na ipinunla ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Tulad ng sitwasyon noon, tuloy-tuloy na umuusbong ang mga imperyalistang digma at pagpapakatuta ng lahat ng rehimen matapos ang pagbagsak ng diktadurang Marcos.

Wala pa ring nagababago mula noon. Tulad noon, pumapasok sa digmaang agresyon ang imperyalistang US upang tustusan ang bumubulusok nitong ekonomiya hjabang kikaladkad ang Pilipinas. Kasapakat ang tutang administrasyong Arroyo, ginagapos nito ang ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng mga anti-mamamayang polisiyang ipinapataw nito. Patuloy pa ring tinutugis ng pasistang gobyerno ni Arroyo ang mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan upang busalan ang mga ito. Ang bayang ito ay wala pa ring pag-unlad, maliban sa lumalakas na rebolusyonaryong kilusang nagpapatuloy sa paglaban dahil sa kawalang panlipunang pagbabago at katarungan.

Laluna't inilantad ng rehimeng US-Arroyo ang tumitinding krisis, nararapat lang na lumimgon sa mga aral ng nakaraan at muling tahakin ang landas ng pambansang demokrasya. Ipinapasa sa ating ngayon ang sulo ng pakikibaka, gayong alam natin na ang kakapusan ng kumprontason sa lansangan, ang alingawngaw ng kilos-protesta ang nagpapaalab sa digmang bayan. Sa kanayunan, nag-aalimpuyo ang pinakamatinding sigwang hahagupit sa nabubulok na estado upang palayain ang sambayanan mula sa gapos ng pagkakaduhagi.

Sanggunian:
-Lacaba, Jose F.
***Days of Disquiet, Nights of Rage.*** **1982**
-Sison, Jose Maria.
*Makibaka para sa Pambansang Demokrasya*. 2001

**Carlos del Rosario**



**Marso 18, 1971 - Kinidnap si Del Rosario ng mga pulis, mga ahente ng imperyalistang US, at sa pakikipagsabwatan kina Lava (Monkees-Armeng Bayan-Masakang gang). Di na siya muling nakita pa. Ani Kasamang Jose Maria Sison, "Kilala siyang matatag na nakipaglaban para sa mga rebolusyonaryong prinsipyong tulad ng aking paninindigan."**

# Bagong Binhi

## Ang muling pagsulong ng rebolusyong agraryo

**Thea Memorioso**

**Sa isang asyenda** ng niyog sa Bikol, nadatnan ng *expansion team* ng Bagong Hukbong Bayan ang abang kalagayan ng mga magsasaka. Bukod sa 60-40 porsyentong hatian sa ani pabor sa panginoong maylupa, ang mga magsasaka pa rin ang sumasagot sa upa sa kagamitang pang-kopra. Sapilitan ring binibili ng asendero sa mababang halaga ang parte nilang kopra. Ang masaklap pa, dinaraya ang timbang ng mga produkto at kinakaltasan ito ng isang kilo kada sako. Dinatnan sila ng BHB na kimi sa pagharap sa naturang panginoong maylupa, na isa ring dating opisyal ng gobyerno sa kalapit na lalawigan ng Quezon.

Ayon kay Ka Kara, isang pulang mandirigma na nag-oorganisa ngayon roon, marami sa masa ang nag-atubiling magtiwala sa hukbo nang balikan nila ang asyenda noong unang bahagi ng dekadang ito. Madalas daw kasi, noong panahon ng pagkakamali, naiiwan ang mga magsasaka para humarap sa militar kapag "mainit" ang sitwasyon. Nauwi sa ekonomismo ang laban para sa mas malaking partehan – nakupot sa pagpapalitik, o ang palihim na pagkuha ng ani sa partehan – at hindi na napagtuunan ang pagpapalalim sa pampulitikang pag-unawa ng masang magsasaka sa ugat ng pyudal na pagsasamantala.

### Salanta

Hindi lang sa Bikol nangyari ang tulad nito. Naramdaman din ito ng masang magsasaka sa ibang probinsya. Noong dekada 80, pilit na pinalaki ang mga yunit at pormasyon ng BHB at natuon ang mga ito sa gawaing militar. Napabayaan ang gawaing masa at nagbunsod ito sa pagkaligta sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo bilang isa sa mahahalagang salik ng pagsusulong ng armadong pakikibaka. Sa Gitnang Luzon, halimbawa, natali ang mga organisasyon ng magsasaka sa paglaban sa korte at reporma sa lupang tinutustusan ng mga *funding agency*. Halos wala na itong pinag-iba sa hungkag na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at iba pang huwad na reporma sa lupa ng reaksyunaryong gobyerno.

Kinaligtaan ang rebolusyong agraryo gayong napakahalaga ng papel nito sa pagtatagumpay

SUNDAN SA PAHINA 9




# Karampatang Karapatan

**Bojie de Silva**

**Demokratikong karapatan na** marahil ang pinakamalaking bagay na ipinagkakait ng reaksyunaryong gobyerno sa mamamayan.

Lantarang ipinagkakait ng reaksyunaryong gobyerno ang mga demokratikong karapatan tulad ng edukasyon, pabahay, at trabaho. Makikita ito sa tira-tirang inilalaang pondo ng pamahalaang US-Arroyo sa serbisyong panlipunan habang bundat na bundat ang mga imperyalistang amo nito sa inilaang pondo sa pambayad-utang, na kumakain sa 77 porsiyento ng pambansang badyet ngayong taon.

Kitang-kita sa napakalaking bahaging nakukuha ng pambayad-utang sa pambansang badyet na hindi totoong walang perang mailalaan ang gobyerno sa serbisyong panlipunan. Nagiging dahilan pa ngayon ng gobyerno ang *fiscal crisis* na dinaranas ng bansa upang lalo pang

SUNDAN SA PAHINA 10

# Pagtahak sa Tiyak na Tagumpay

**Ka Pia**

**Walang katiyakan ang naghaharing sistema maliban sa tuluyan nitong pagguho.**

Isa lamang sa mga palatandaan ng totoong dahilan ng krisis ng bansa ang litaw na problema ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo na krisis piskal. Kasabwat ang mga burges na ekonomista, hindi nito tinutukoy at pilit na pinagtatakpan ang ugat ng kahirapan—ang malakolonyal at malapyudal na sistema ng ekonomya't lipunang Pilipino.

### Kawalan ng pag-asa ng naghaharing sistema

Simula nang matali ang lokal na ekonomya sa pandaigdigang sistemang monopolyong kapitalismo, hindi na nagkaroon ng tunay na paglago ang lokal na ekonomya. Pinigilan ng imperyalismong US ang pag-unlad ng pambansang kapitalismo sa bayan. Pinanatili nito ang pyudal na pagkaalipin ng malawak na masa upang lumikha ng dagat ng reserbang hukbo ng paggawa para sa murang presyo ng lakas-paggawa. Iniayon ang agrikultura sa paglikha ng mga produksyon ng ilang pananim na nakatuon sa pag-eksport ng kailangan ng mga imperyalistang bayan. Pinalala pa ito ng pananalasa ng patakarang "globalisasyon" ng US. Higit na sinalanta ang agrikultura dahil sa pagtanggal sa mga taripa at subsidyong nagbibigay proteksyon dito. Sa pagbaha ng mas murang inaangkat na produktong agrikultural sa pamilihan, lalo pa itong pumapatay sa natitirang lokal na produksyon.

Dahil sa pagkubabaw ng imperyalismo, walang naitayong batayang industriya sa bansa. Bagkus, ginawang export-oriented at import-dependent ito. Dito maiuugat ang palagiang krisis sa balance of trade ng bansa. Mga hilaw na materyales at semi-processed na produkto at kalakal ang tanging iniluluwas ng bansa samantalang nag-aangkat ito ng mga esensyal na kalakal katulad ng langis at mga yaring produkto sa mga imperyalistang bayan. Kapos ang kinikita nito kaysa sa kailangan nitong bayaran sa kanyang importasyon.

Dahil sa kawalan ng kita sa di-pantay na kalakalan, nagumonang naghaharing-uri sa dayuhan at lokal na pangungutang para

**Patuloy na kumakawala** ang manggagawang Pilipino mula sa hindi makatarungang pagkagapos sa sistemang sahuran. Habang hinihigpitan ng sabwatan ng reaksyunaryong gobyerno at malalaking burgesya komprador ang pagkakatali ng manggagawa sa mababang sahod, lalong lumalakas ang mga pwersa ng manggagawa tungo sa pang-ekonomiya at pulitikal na kalayaan.

### Lakas Manggagawa

Kakabit na ng kasaysayan ng militanteng kilusang manggagawa ang pakikibaka para sa pagtaas ng sahod. Kaakibat rin nito ang panawagang buwagin ang Regional Wage Board dahil sa hindi makatarungang pagtatakda nito ng iba't ibang minimum na sahod sa bawat rehiyon ng bansa, bagamat pare-pareho naman ang matinding kahirapang nararanasan ng mga manggagawa sa buong bansa.




**Lantaran ang paglalako** ng kasalukuyang gubyerno sa sining at kulturang Pilipino bilang isang produkto. Sa atas ng imperyalistang globalisasyon, naglunsad ang bangkaroteng gubyerno ng magarbong *media mileage* upang ipakete ang bansa at ang mga mamamayan nito para sa kaluguran ng mga dayuhang turista. Naglipana ang mga gawa-gawang pistahan sa kanayunan. Ang mga makasaysayang lugar tulad ng Intramuros nama'y binihisan para pagkakitaan ng kapitalista at ng gubyerno.

magkaroon ito ng gastusin. Ang kasalukuyang rehimen ang may pinakamalaking pagkakautang sa buong kasaysayan ng bansa.

Pinapasok rin ang mga dayuhang pamumuhunan sa paniniwalang maglilikha ito ng bagong trabaho, pabrika at magluluwal ng kapital para maisalba ang bansa. Hindi ito nagdulot ng pag-unlad bagkus ay higit pang de-industriyalisasyon. Hindi nakatuon ang paglalagak ng kapital ng US at iba pang imperyalistang bansa sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomya ng mga kolonya at malakolonya nito kundi para kumita ng higanteng tubo mula sa pagkuha ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa.

### Pag-usbong ng tunay na ekonomiya

Imposible ang pag-unlad ng ekonomya hangga't nananatili ang dominasyon sa bansa ng imperyalismo at lokal na naghaharing-uri. Hangga't hindi kumakawala ang lipunang Pilipino sa malakolonyal at malapyudal na sistema, tuluy-tuloy ang pagbulusok ng kung anupamang natitira sa ekonomya ng bansa.

Para sa tunay na pag-unlad ng ekonomiya, mahalaga ang salalayan ng industriya at agrikultura. Ang pambansang industriyalisasyon ang pangunahing salik nito at agrikulturang dumaan sa tunay na reporma sa lupa ang batayan nito sa pag-unlad. Sa pamamagitan nito maitatayo ang isang tunay na ekonomiyang nakasasapat at umaasa-sa-sarili.

# Gapos ng Pagkakapos

**Inslang de Silva**

Naunang tinuligsa ng kilusan ang *wage moratorium* na ipinatupad sa ilalim ng administrasyong Estrada noong 1999, na sadyang taliwas sa "makamasa" at "maka-manggagawa" na pagpopostura nito. Tuwirang sinuportahan ng *wage moratorium* ang mga barkadahang higanteng komprador ng dating pangulo gaya nina Lucio Tan at Danding Cojuangco.

Bunsod ng militanteng pagkilos, tumaas ang minimum na sahod sa National Capital Region (NCR) mula P198 noong 1999 hanggang P250 sa kasalukuyan. Nagkamit ng suporta ang kampanya mula sa ilang mga institusyong tulad ng simbahan. Ngunit batid ng kilusang manggagawa na mahaba pa ang kanilang pakikibaka.

SUNDAN SA PAHINA 11

# Ang Sining ng Pakikibaka

**Tobias Mendoza**

Subalit, taliwas sa maka-komersyal na paggamit ng rehimeng US-Arroyo sa sining at kultura, itinuturing na integral na bahagi ng demokratikong rebolusyong bayan ang paglikha ng mga sining o produktong kultural, pagkat ito ang sinasabing pinaka-epektibong mga larangang pang-ideolohiya o repleksyon sa paglalagom ng isang artista sa pagsuri niya sa katotohanang panlipunan. Bukod sa kakayahan nitong umabot sa masa, umaangkop din ang nilalaman ng sining at panitikan batay sa mga karanasan ng artista o manunulat na umiiral sa isang lipunan. Iniluwal ng prinsipyong ito ang rebolusyonaryong sining at panitikan, bilang bahagi ng kagyat na pagtugon sa masinsing pagpapaigting at pagpapamalas ng diwa at praktika ng demokratikong rebolusyong bayan.

SUNDAN SA PAHINA 11

### Pagsasabansa ng Ekonomya

Nangangahulugan ang pagsasabansa ng ekonomiya ng pag-iral ng soberanya ng mamamayang Pilipino sa halip na pagkubabaw ng imperyalistang kontrol sa pulitika at ekonomya ng bansa. Sa ganitong kalagayan, hindi ang mga ahensya ng mga imperyalistang bayan, katulad ng IMF-WB at iba pang unilateral at multilateral na katulad nito, ang magdidikta sa pagtakbo ng ekonomya kundi ang mamamayan mismo.

Titiyakin ang pangangalaga sa pambansang patrimonya ng bansa. Nangangahulugan ito ng pagpapawalang-bisa sa mga kasunduan at batas na pumapabor sa imperyalistang US at iba pang imperyalistang bayan. Hindi hahayaan ang mga bangko at iba pang pampinansyang institusyon ng mga imperyalista na magkaroon ng kapangyarihan sa ekonomiya.

Hawak ng demokratikong estadong bayan ang kontrol sa mga estratehikong industriya, pinagkukunan ng hilaw na materyales at mahahalagang aspeto ng ekonomya katulad ng distribusyon. Susuportahan at bibigyan ng insentibo ang mga negosyanteng Pilipino na umusbong sa mga tukoy na linya kung saan sila ay produktibo.

Isasabansa ang mga pagmamay-ari ng mga dayuhan at lokal na

SUNDAN SA PAHINA 10

# Alab:Fahrenheit

## Rebyu ng *Fahrenheit 9/11* ni Michael Moore

**Lukas Lazaro**

Binugtong-bugtong na bangungot ang Setyembre Onse hindi lamang para sa mga Amerikano kundi pati na rin sa milyun-milyong tao sa buong mundo. Ngunit sa talas ng kamera ni Michael Moore, isang Amerikanong documentary filmmaker, higit pa ito sa palaisipan ng pagbagsak ng pang-ekonomikong tungkung-langit ng Estados Unidos. Ito ang simula ng pagpaslang sa laksa-laksang tao sa buong mundo.

### Dokumentasyon

Kung ating mapapansin, inianak ng nasabing trahedya ang samu't saring imahe ng karahasan at mga bayani ng digmaan sa telebisyon, diyaryo at pelikula.

Makapangyarihan ang ilusyong nilikha ng Hollywood, CNN, Fox News at iba pa. Walang habas ang paglabas ng mga pelikula at mga balitang nagsasabing nararapat lamang isulong ng US, kasama ang mga kaalyado nitong kolonya at neo-kolonya, ang pagsugpo sa pandaigdigang terorismo. Malaki ang naging papel ng midya at pelikula upang bigyan-katwiran ang digmang-agresyon ng US, sampu ng Coalition of the Willing, sa Afghanistan at Iraq.

Habang mukhang nakatango't tumatango ang marami sa *media mileage* ng di-makatarungang gera ng US, hindi rin naman natitinag ang pag-aklas ng ilan sa mga alagad ng *independent media* at *film* bilang protesta sa kabuktutang pinalalaganap ng midya't pelikulang *mainstream* sa Estados Unidos.

Sa kasalukuyan, nagiging lunsaran ng malawakang kampanya ng mga artista sa buong mundo ang midyum ng pelikula, laluna na sa pormang dokumentaryo, upang tuligsain ang imperyalismo. Bilang isang anyo ng pelikula, makapangyarihan ang pagkuha at paglikha ng realistikong imahe upang makatimo ng progresibo't kritikal na pananaw sa mga napapanahong usapin. Ang dokumentaryo ay nagiging lunsaran na ng maraming protesta mula sa hanay ng mga rebolusyonaryong artista upang matalakay ang palasak ngunit lumalawak na mga suliranin tulad ng kahirapan, militarisasyon, at iba pa dulot ng imperyalismo.

### Satirika

At bahagi nga ng ganitong pagbalikwas ang dokumentaryo ni Moore na "Fahrenheit 9/11" na kamakailan lamang ay nanalo ng prestihiyosong *Palm D'Or awards* sa *Cannes Fim Festival*. Si Moore ay nakilala na sa kanyang satirika't pang-uuyam sa maraming usaping popular sa US sa kanyang mga dokumentaryong *Roger and Me* at *Bowling for Columbine*. Kung titignang mabuti, makikita na kahit sa mga nangungunang bansa sa mundo, kinikilala na rin ang kabuktutan ng mga pampulitika at pang-ekonomikong patakaran ng mga imperyalistang bansa. Sa *Fahrenheit 9/11*, ibinaybay ni Moore ang masalimuot na relasyon ng US sa ilang bansa sa Middle East tulad ng Saudi Arabia at ilan pang usaping umiinog bago at matapos ng trahedya ng pagguho ng World Trade Center.

Inumpishan ni Moore ang masalimuot na naratibo sa pagbabalik-tanaw sa diumano'y pandarayang naganap sa eleksyong 2000 sa US, ang kasaysayan ng mga negosasyon at patakaran ni Bush Sr., at nilakbay ang monopolyo ng langis ni Bush at iilang Arabo hanggang humantong sa huling dalawampung minutong eksena ng mga naging biktima ng digmaan sa Iraq. Masusi ring pinag-aralan ni Moore ang kasaysayan ng digmaang ito at hinaluan ng mga detalyeng humahamon sa ibinabanderang katotohanan ng rehimeng Bush sampu ng kanyang mga kaalyadong bansa. Kagyat na makikita ang mga kontradiksyon sa loob mismo ng rehimeng Bush na nagsilbing lunsaran ng kritisismo ni Moore.

Sa pelikula, kapansin-pansin ang satirikal na atake ni Moore sa mga usapin, katulad ng pagsasanib ng sa unang tingin ay tribyal na usapin at saka iniaangkla sa mas malawakang isyu ng nagaganap na gera. Simula sa deklarasyon ng pagsuporta ng Amerikanong *popstar* na si Britney Spears, tatalon si Moore sa imbestigasyon sa organisasyon ng matatandang pinaghihinalaang terorista hanggang sa mga inosenteng sibilyang kinuwestiyon dahil sa maliliit na komento laban sa gera. Saka inihahapag ang ilang tala tungkol sa pag-aari ni Bush ng mga malakihang kumpanya sa *armaments* at sa langis, pagkakasangkot niya mismo kay Osama Bin Laden, at ilan pang imperyalistang patakaran sa ekonomiya ng mundo, partikular sa langis at gamit pandigma, ng Estados Unidos sa ilalim ng rehimeng Bush.

Bukod pa dito, pinag-aralan rin ni Moore ang mga kontradiksyon ng gera, na kahit sa imperyalistang bansa katulad ng US, maigting pa rin ang tunggalian sa uri, laluna sa usapin ng etnisidad. Halimbawa, karamihan sa mga Amerikanong sundalo't empleyadong isinabak sa gera ay mula sa uring manggagawang migrante at Afro-Amerikano, Latino-Amerikano at Asyano na agarang natatanggal sa trabaho. Ibinabalik niya tayo sa mga naganap na digmaang Gulf War, at ikinumpara ito sa mga digmaan sa Afghanistan at Iraq. Kritikal niyang sinipat kung paano nakaapekto ang mga patakaran ng rehimeng Bush sa pagpapalakad ng buong mundo sa pamamagitan ng imperyalismo. Malinaw na makikitang ang gera, higit pa pagsugpo sa terorismo, ay isa lamang daluyan ng mga transaksyon sa usapin ng pagkontrol sa pandaigdigang industriya ng langis. Gayundin, makikitang malaki ang ganansya ng US, laluna ng rehimeng Bush, sa paglulunsad ng digmaan sapagkat hawak rin niya ang pinakamalaking *distributor* ng armas-pandigma sa buong mundo. Kung gayon, nakakawing ang lahat sa negosyo ng digma (*war economy*).

Sa ganitong paraan, hinabi ng lente ni Moore ang masalimuot na kasaysayan ng imperyalismo sa pamamagitan ng pagsusulsi ng maliliit na detalye sa mas malakihang larawan ng digmaan ng agresyon. At dahil nga nakasasagpang ang pang-uuyam sa mga tanong at hamon na isinisiwalat ng dokumentaryo, pinatalas ni Moore ang mga imahe ng kanyang naratibo upang maparating sa mga *pro-war* na Amerikano ang masalimuot na daang tinatahak ng kanilang bansa sa gerang ito.

### Alagwa

Mahalaga ring sipatin ang pelikula ni Moore sa konteksto ng patakaran ng "Gera Laban sa Terorismo" na sinusuportahan ng rehimeng US-Arroyo.

Kinakailangang masipat ng mga makabayang artista ang Fahrenheit 9/11

SUNDAN SA KASUNOD NA PAHINA

MULA SA PAHINA 6

ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa pamamagitan nito, pinupukaw at pinapakilos ang masang magsasaka upang ibagsak ang kapangyarihan ng panginoong maylupa at isakatuparan ang reporma sa lupa. Sa pagpapairal lamang ng rebolusyong agraryo mapapakilos ang masang magsasaka bilang pangunahing pwersa ng rebolusyon at mabubuo ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka. Ito ang gugupo sa pyudalismo na baseng sosyal ng imperyalismo sa bansa. Pinananatili ng imperyalismo ang pyudalismo upang patuloy na maging atrasado ang ekonomiya, mura ang lakas paggawa para sa mga kumpanyang multinasyunal at matustusan ang pangangailangan sa murang hilaw na materyales. Ito ang ugat ng kahirapan at kaapihan ng kalakhan ng sambayanang Pilipino.

At matindi ang kahirapan at kaapihang ito. Sa asyendang kinikilusan nina Ka Kara, gustong palayasin ng panginoong maylupa ang halos 200 pamilyang nakatira sa dalawang baryong sakop ng asyenda. Nagbanta rin ang panginoong maylupa na muling ipatutupad ang "sistemang libuhan" kasabay ng pagpapaalis sa mga tenante. Sa sistemang ito, binabayaran ang magsasaka sa bawat sanlibong kopra (halimbawa, isang libong nakawit na niyog), at wala silang parte sa ani. Binawi rin ang mga bakang pinaalaga sa mga magsasaka bagamat napagkasunduang pag-aari na dapat nila ang ilan sa mga ito.

## Muling pagpupunla

Habang hindi pa nakakamit ang tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa buong bayan, ipinatutupad ng pambansa-demokratikong kilusan ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo – ang pagpapababa ng husto sa upa sa lupa at tuluyan nang pagpawi sa usura. Kabilang rito ang pagpapababa sa interes sa pautang at upa sa makinarya, pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid, pagbabaliktad sa di-makatarungang hatian sa ani, pagpapaunlad sa produksyon at pagbubungkal ng mga lupang tiwangwang sa pangangasiwa ng rebolusyonaryong kilusan at mga organisasyong masa. Layunin din ng programa na pahusayin ang kundisyon sa pagtratrabaho at pamumuhay ng mga manggagawang-bukid sa mga asyendang pinatatakbo sa batayang kapitalista. Sa ilang mga piling despotikong panginoong maylupa, ipinatutupad na rin ang maksimum na programa at pamamahagi ng mga lupaing nasa disposisyon ng rebolusyonaryong kilusan. Pinakikilos ng rebolusyong agraryo ang nakararaming masang magsasaka – ang pangunahing pwersa ng matagalang digmang bayan sa malapyudal at malakolonyal na lipunan. Tinuturuan silang umasa sa sariling lakas sa mga inilulunsad na kampanyang masa sa kanayunan.

Taliwas sa nangyari noong panahon ng pagkakamali, ang mga magsasaka mismo ang humaharap sa panginoong maylupa at hindi ang hukbo. Dahil dito, hindi agad makakapag-opensiba ang militar dahil, kahit ginagabayan ng hukbo, ligal at makatarungan ang paglaban. Higit sa lahat, mas malaki ang partisipasyon ng masang magsasaka. Umuunlad ang kanilang pampulitikang kamalayan. "Buong komunidad ang nag-*participate* at nakinabang," ani Ka Kara.

Ayon kay Ka Kara, sa pagbalik ng BHB sa asyenda, nagsagawa sila ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa katangian ng panginoong maylupa at panawagan ng mga magsasaka. Pinulong at binigyan nila ng mga pag-aaral ang mga magsasaka bilang paghahanda sa pagharap sa panginoong maylupa. Iginiit ng mga tenante ang pagtataas ng presyo ng ibinibentang kopra at pagbabago sa hatian sa ani labas pa sa gastos sa kagamitan. Sinamantala ang pag-aaway ng magkakapatid na nagmamay-ari ng lupa upang ihiwalay ang panginoong maylupa bilang pangunahing mapagsamantala sa mga magsasaka. Kinabig ang ilang katiwala. Masigasig na gawaing masa at ibayong banta sa kabuhayan ang nag-udyok sa kanilang lumaban.

Ngayon, dahil inabandona na ng panginoong maylupa ang asyenda, pinangangasiwaan na ng organisasyong masa ang mga lupain at napapakinabangan ng mga tenente ang kanilang ani. Dahil dito, napataas rin ang sweldo ng mga manggagawang bukid na inuupahan sa pangongopra. Mula P150 kada libo, naging P200 kada libo ang bayad sa kanila.

## Tungo sa pag-ani ng tagumpay

Ang natamong tagumpay ng mga magsasaka ay tagumpay rin ng buong rebolusyunaryong kilusan. Bumalik na at mas matingkad ngayon ang suporta ng masa. Dahil nakaluwag sa kabuhayan, nagkukusa na rin silang magbigay ng tulong-materyal at pinansyal. Patuloy pa rin ang paglulunsad ng mga pag-aaral. Marami rin sa mga magsasaka ang sumapi na sa BHB.

Sumusulong ngayon ang rebolusyong agraryo sa tibay ng pinagsanib na pwersa ng hukbong bayan at nagkakaisang masang magsasaka tangan ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at mga aral mula sa mga nakaraang karanasan. Lumalawak ang suporta ng masa na siyang buhay ng rebolusyon. Binabakbak nila ang kapangyarihan ng uring panginoong maylupa tungo sa pagwasak sa malapyudal at malakolonyal na kaayusan at pagkamit ng isang malaya at demokratikong lipunan.

---

sapagkat ang ating pamahalaan ang nangungunang tagasuporta sa rehiyon ng gerang agresyon ni Bush. Nararapat lamang na mas maging maigting ang ating pagtuligsa sa gera. Ngayon, nararapat lamang na magpatuloy ang mga makabayang manlilikha sa paggawa ng mga akdang-sining na babalikwas at magsisiwalat sa kasalukuyang kalakaran ng imperyalistang relasyong Estados Unidos at Pilipinas.

Sapagkat sa bugtong na isiniwalat ni Moore sa kanyang pelikula, ngayon, higit kailan pa man, dapat maging maigting ang pagtuligsa ng mga rebolusyonaryong artista sa mga patakaran ng imperyalismo at globalisasyon at paglikha ng sining sa pagpapalaya ng kamalayan tungo sa tunay na demokrasya ng lipunang Pilipino.

MULA SA PAHINA 10

masang makakatukoy sa krisis ng lipunan at masigasig na makikibaka upang pabagsakin ang imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo. Tunguhin ng pambansa-demokratikong kilusan ang pagkakaloob ng demokratikong karapatan sa edukasyon, at iba pang demokratikong panawagan ng mamamayan.

Adhikain ng rebolusyon ang pakikibaka para sa edukasyong matatamasa ng lahat. Mariin ang pagtutok nito sa isang sistema ng edukasyong makabayan, siyentipiko, at maka-masa, taliwas sa umiiral na sistema ng edukasyong mapaniil, kolonyal, at komersiyalisado. Kinikilala ng rebolusyonaryong puwersa makabuluhang papel ng kabataan upang mamulat, mapukaw, at mapakilos ang hanay ng kabataan at estudyante para sa pambansang demokrasya. Kasabay ng organisadong pakikibaka ng iba pang sektor ng lipunan para sa kanilang mga demokratikong karapatan, kakawala ang sambayanang Pilipino sa gapos ng kahirapan gamit ang talim ng armadong pakikibaka sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa kalagayang ipinagkakait ng reaksyunaryong gobyerno ang demokratikong karapatan sa edukasyon, maigting ang panawagan sa hanay ng rebolusyonaryong kabataan upang tuligsain at labanan ang mga kontra-kabataang patakaran ng rehimeng US-Arroyo. Patuloy na ipaglaban ang isang makabayan, siyentipiko, at maka-masang sistema ng edukasyon. Higit na magpakasigasig sa pag-organisa sa hanay ng kabataan at maglunsad ng mga kumprehensibong pag-aaral upang lalong umigting ang mga kampanya sa paggiit sa demokratikong karapatan sa edukasyon.

Sa tindi ng paglaban ng masa at kabataan, walang anumang balakid ang makapipigil sa pagdating ng araw ng paniningil at paglaya.

MULA SA PAHINA 6

naghaharing-uri samantalang ang pag-aari na lupa ng mga panginoong maylupa ay isasabansa at ipapamahagi sa mga magsasaka.

## Pambansang Industriyalisasyon

Sa pagtatayo ng ekonomya, ang agrikultura ang magsisilbing base nito. Maglilikha ito ng pangangailangan para sa pagkain at sangkap ng industriya. Ipoproseso sa loob ng bayan ang mga hilaw na sangkap para lumikha ng mga pangunahing produkto.

Papaunlarin ang mabibigat na industriya bilang nangungunang salik ng ekonomya. Magsisilbing tulay ang magagaan na industriya na lilikha ng mga produktong pangkonsumo para sa mamamayan at gamit sa produksyon ng agrikultura. Titiyakin ng estado ang pagbabalanse sa mga salik na ito sa pamamagitan ng pagpaplano.

Papawiin ng pambansang industriyalisasyon ang katangiang export-oriented at import-dependent ng kasalukuyang ekonomya. Patataasin ang produktibidad ng agrikultura para lumikha ng sobrang produksyon, hindi upang kamkamin at pagkakitaan ng panginoong maylupa, kundi upang itaguyod ang pangangailangan ng mamamayan at ng industriya.

Matapos matugunan ang mga pangangailangan ng bayan at ekonomiya, iluluwas ang surplas sa produksyon para ipalit sa mga produktong kailangan sa produksyon at mga produktong pangkonsumong di pa nalilikha o di malilikha sa bansa. Itataguyod ang kalakalan at iba pang anyo ng mga ugnayang pangkabuhayan sa lahat ng bansa, batay sa prinsipyong pagkakapantay-pantay at parehong pakinabang ng bawat isa. Nakabukas ang estado sa pakikipagbarter sa mga interesadong bansa.

Pagtitibayin ang mga patakaran sa pananalapi at pinansyang pampubliko. Hindi pahihintulutan na makapagdikta sa ekonomya ang mga institusyong hawak ng mga imperyalista. Hindi uutang sa dayuhan kung makakasama sa pambansang interes at sa pag-unlad ng ekonomya. Ipatutupad ang sistema ng progresibong pagbubuwis sa pribadong empresa.

Gagamit lamang ng mga dayuhang puhunan at pautang kung iyon ang pinakamurang paraan ng pagkakamit ng kailangang teknolohiya, produkto at pamilihan, alinsunod sa mga partikular na plano sa ekonomya.

Ipatutupad ng estado ang mahigpit na patakaran laban sa paglahok sa mga proyektong di kailangan at di produktibo, at maglulunsad ng kampanya laban sa korupsyon.

## Tunay na Reporma sa Lupa

Binubura ng tunay na repormang agraryo ang pyudal na relasyon na pagmamay-ari ng lupa at lahat ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kasalukuyang sistema. Esensyal ito sa pagtitiyak ng agrikulturang base para sa pambansang industriyalisasyon at paglago ng ekonomya.

Nilalaman ng repormang agraryo ang pagkumpiska sa lupain ng mga panginoong maylupa, pagsasabansa nito at pamamahagi sa mga magsasakang walang lupa o kulang sa lupa. Tinataguyod nito ang kooperasyong agrikultural at mekanisasyon, pagtataas ng produksyon sa pagmomodernisa ng agrikultura at industriyalisasyong rural, at pagtitiyak sa sustenableng agrikultura. Mahigpit itong nakaugnay sa pag-unlad ng industriya.

Sa pagtaas ng produksyong agrikultural, tumataas ang kakayanang bumili ng mga magsasaka na magbubunsod sa pagsigla ng lokal na pamilihan na nagsisilbi para sa pambansang industriya. Mapapawi na ang panghuhuthot ng panginoong maylupa sa surplas na produksyon sa agrikultura na ipinapasa sa malalaking burgesya kumprador at sa mga imperyalista. Bagkus, magsisilbi ito para sa pambansang industriya.

Kaya't mahigpit na magkaugnay ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa. Hindi makakamit ang tunay na pag-unlad ng ekonomiya kung wala ang isa.

## REBOLUSYON: Sagot sa kahirapan

Hindi tatahakin ng reaksyunaryong naghaharing-uri ang wastong landas sa pagkakamit ng tunay na pag-unlad ng ekonomya. Tanging ang Demokratikong Rebolusyong Bayan ang nagtataguyod sa mga patakaran ng pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa.

Sa pagbagsak ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo, naroroon ang susi sa pagpatid sa krisis ng kasalukuyang sistema. Ang pagkakamit sa sentral na tungkulin na ito ng Demokratikong Rebolusyong Bayan sa pamumuno ng proletaryado ang siyang maglulutas sa kontradiksyon sa loob ng sistemang malakolonyal at malapyudal, papatid sa matinding krisis na kinasasadlakan ng mamamayang Pilipino, at magdadala sa lipunang Pilipino sa mas mataas na antas ng pag-unlad.

---

MULA SA PAHINA 6

baratin ang mamamayan at dagdagan ang pasanin nito. Halimbawa, plano pa nitong kaltasan ng P10 bilyon ang *internal revenue allotment* (IRA) kung saan kinukuha ang sahod ng mga manggagawang-medikal sa mga probinsya. Bunsod din ng pambabarat na ito ang kaawa-awang sistemang pabahay para sa mamamayan.

### Bulok na Lipunan, Bulok na Edukasyon

Para sa kabataang Pilipino, lubhang nakakaapekto ang pambabarat na ito sa napakaliit na badyet para sa edukasyon. Bagamat itinakda ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO) na 6 porsiyento ng *gross national product* (GNP) dapat ng isang bansa ang minimum na inilalaan sa edukasyon, 2.9 porsiyento lang ang ibinibigay dito ng gobyerno. Bunsod nito, tinatayang may 2.5 milyon sa 8 milyong kabataang Pilipino na may edad 16-21 ang hindi nakakatuntong sa kolehiyo. Dagdag pa rito, palarin mang makapag-aral, bubulaga sa mga mag-aaral ang mga kalunos-lunos na mga pasilidad lalo na sa mga pampublikong paaralan. Pumapatak na kulang ng 43,000 silid-aralan at 51,000 guro ang mga pampublikong paaralan sa bansa.

Dahil nangangayupapa sa mga dikta ng imperyalista sa pamamagitan ng IMF-WB, tinatapyasan ng gobyerno ang badyet sa edukasyon upang mabayaran ang napakalaking utang panlabas. Sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, 370 na pampubliko at pampribadong paaralan ang nagtaas ng matrikula ngayong taon. Bukod pa rito, tinutulak ng gobyerno ang pribatisasyon ng maraming *state colleges and universities* (SCU). Mula 264 na SCUs noong 1998, nasa 111 na lamang ang natitira dahil sa mga iskemang ito gobyerno. Ayon din sa *Long Term Higher Education Development Plan* (LTHEDP), sa taong 2010, 20 porsiyento na lang ng mga SCUs ang matitirang popondohan ng gobyerno.

### Misedukasyon

Maging ang kurikulum ng mga paaralan sa bansa ay makikitang mahigpit ang pagkatali sa kolonyal na kurikulum na isinusubo ng imperyalista. Halimbawa, salat sa makabayan at maka-masang mga asignatura ang *basic education curriculum* ng bansa. Nakabatay pa rin ang kurikulum ng mga mababang paaralan sa dikta ng imperyalistang globalisasyon na may tutok sa pagpapahasa sa Ingles at karunungan sa matematika at agham upang magpasulpot ng mga *skilled* na manggagawa para sa "pandaigdigang pamilihan."

Sa ngalan ng globalisasyon, mahigpit na binabantayan ng imperyalista ang sistema ng edukasyon sa bansa upang umayon sa mga ganid nitong layunin. Sa pamamagitan ng idinidikta nitong kurikulum, nakakalikha ito ng mga *specialized* na manggagawang magbebenta ng murang lakas-paggawa sa mga multinasyunal at dayuhang korporasyon. Sa halip na pagpapaunlad, pinananatili lamang nito ang atrasado, agrikultural, at pre-industriyal na katangian ng bansa.

### Pagmulat-Pagwasak

Gayon na lang ang takot ng reaksyunaryong gobyerno sa pagkakaroon ng mulat at edukadong

SUNDAN SA PAHINA 9

MULA SA PAHINA 7

## Pang-Ekonomiya at Pampulitikang Laban

Hindi maikakailang tunay na makatarungan ang ipinaglalaban ng kilusang manggagawa sa panawagang itaas ang sahod. Kung tutuusin, napakaliit pa nga ang halagang ng kasalukuyang *minimum wage* kumpara sa P594 na *daily cost of living* ng isang pamilyang may apat katao. Dagdag pa rito, P155 na lamang ang tunay na halaga (real value) ng P250 dulot ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at implasyon.

Mas matindi pa rito ang kahirapang tinitiis ng mga manggagawa sa mga lalawigan gawa ng mga itinakdang panukala ng Regional Wage Board. Mapapansing pinakamataas na ang kasalukuyang nakatakdang P250 *minimum wage* sa NCR, samantalang pinakamababa ang sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM), na nakapako sa kakarampot na P150. Bukod pa rito, ang matagal nang ipinangako ng gobyerno sa manggagawa na cost of living allowance (COLA) ay hindi pa rin naipapamahagi hanggang ngayon.

Ngunit higit pa sa mga pang-ekonomiyang pakikipaglaban, ang pakikibaka para sa pagtaas ng sahod ay simbolo at konkretong panawagan para sa makauring pakikibaka at pagsulong sa katarungang panlipunan.

Sadyang malaki ang pagkakaiba sa kinikita ng mapang-abusong malalaking burgesya komprador at manggagawa. Kapital lang ang hawak ng kapitalista, samantalang ang ibinabahagi ng manggagawa na lakas-paggawa ang siyang mas mahirap at mas mahalaga sa buong proseso ng produksyon. Gayunpaman, milyun-milyon ang kinikita ng kapitalista bawat buwan kumpara sa P250 sahod ng manggagawa araw-araw. Ang mga kapitalistang nagmamay-ari ng kumpanyang Ford Expedition, halimbawa, ay kumikita ng P2.5 milyon kada buwan, katumbas ng halos 18 taon na sahod ng isang manggagawa ng nasabing kumpanya. Ang uring manggagawang lumilikha ng yaman ng bansa ang siyang salat.

Kung susuriin pa, ginigipit na ng mga burgesyang komprador ang manggagawa sa simula pa lamang ng proseso ng produksyon. Ayon sa Wage, Price and Profit ni dakilang komunistang si Karl Marx, ang unang bahagi lamang ng produksyon ang binabayaran ng kapitalista sa sistemang sahuran, hindi kasama rito ang nalalabing oras pang ginugugol ng manggagawa sa karaniwang walong oras na paggawa. Taliwas sa madalas na dinadahilan ng mga mapang-aping komprador, hindi malulugi ang kumpanya sakaling taasan ang sahod ng manggagawa. Ang kinatatakot ng mga kapitalista sa pagtaas ng sahod ay ang mabawasan ang kanilang higanteng tubo.

Mas malala pa, doble ang pasakit na dinaranas na manggagawa. Bukod sa lubhang hindi makatarungang sistemang sahuran, laganap pa ang kawalan ng trabaho sa sistemang panlipunan ng bansa na malakolonyal at malapyudal. Sa ngayon, tinatantyang anim na milyong Pilipino ang nangangailangan ng trabaho, at higit pang lumalaki ito sa patuloy na pagdagsa ng mga magsasakang walang masaka sa kanayunan. Nakatali ang manggagawa sa kakarampot na sahod na ibinibigay ng komprador habang tinitiyak ng huli ang pagsupil sa sinumang bumalikwas laban sa di-makatarungang sistema.

Sa kabuuan, malinaw na nasimulan at pinaiigting pa ng kilusang manggagawa ang pang-ekonomiya at pampulitikal na antas ng pag-aklas sa hindi makatarungang pagkakagapos sa kapos na sahod. Matindi ang panawagang makibaka para wakasan ang mapang-aping sistemang sahuran na siyang kasangkapan ng imperyalismo sa pagdidikta ng mga pulisiyang kontra-manggagawa .

Higit sa lahat, hindi dapat matapos ang laban ng manggagawa sa pagkalas sa gapos ng sahod. Bagkus, kailangang kumawala ang manggagawa sa mas mahigpit na pagkakagapos sa uri, upang maisulong ang ganap na kalayaan para sa pandaigdigang kilusang manggagawa at sa mamamayan ng buong mundo.

MULA SA PAHINA 7

## Sining Bilang Sandata

Dahil makapangyarihang sandata ito para pukawin ang mamamayan, pinagbubuklod ng rebolusyonaryong sining at panitikan ang masa sa paglaban sa kaaway. Sumasaklaw ang larangang ito sa isang susing pusisyon sa kabuuang gawain ng rebolusyon. Makabuluhang sandata rin ang paglikha at paggamit nito sa gawaing masa tulad ng propaganda at edukasyon, pagpapasigla ng mga kampanya, at konsolidasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan at kalunsuran. Pinatutunayan ng kasaysayan na epektibo ang anumang gawaing pangkultura sa pag-oorganisa at pagbubuklod ng uring anakpawis para sa mga rebolusyonaryong pagkilos.

Ayon kay Ka Gabriel, tagapagsalita ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), walang limitasyon sa anyo at larangang maaaring gamitin sa paglikha ng rebolusyonaryong sining. Ibig sabihin, may kalayaan ang bawat artistang maglaro sa porma, mapa-sining-biswal, teatro, awit, pelikula/bidyo at iba pa. Hindi rin natatali sa mga miyembro lamang ng mga pangkulturang grupo ang tungkuling lumikha ng sining at panitikan. Itinuturing ang lahat ng kasapi ng rebolusyonaryong pwersa bilang bahagi ng paglikha't pagpapayaman ng rebolusyonaryong sining at panitikan. Dahil dito, mahalagang pamantayang masalamin ng anumang obra o likhang-sining ang interes at karanasan ng masang anakpawis na kanilang pinaglilingkuran.

Bilang pagtugon dito, naging kalakaran na ng ARMAS ang pagbibigay ng mga *training*, pag-aaral, at palihan, bilang bahagi ng pagmumulat sa mga kabataan at uring anakpawis tungkol sa mahahalagang isyung panlipunan at sa kahalagan ng sining sa pagtataguyod ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

### Para Kanino?

Ani Ka Gabriel, bagama't nasa proseso pa ng pagsasaayos ng sistematikong programa para sa gawaing pangkultura ang rebolusyonaryong kilusan, makabuluhang pag-usad na ang pagkatatag ng mga pangkulturang grupo sa mga rehiyon at larangan ng pakikibaka. Sa Mindanao, halimbawa, ilang mga palihan sa teatro at awit ang isinagawa ng ARMAS para sa uring magsasaka. Layunin ng mga palihang ito na patampukin at pagyamanin ang mga sining ng masa. Dahil direktang lumalahok sa produksyon, at hirap o walang panahon sa pagbabasa, naging epektibong midyum ang mga pangkulturang palabas upang ipaunawa sa kanila ang malapyudal at malakolonyal na kalagayan ng lipunan. Gayundin ang hindi makatwirang relasyon sa pagitan ng magsasaka/tenante at ng panginoong maylupa. Sa kalauna'y mismong mga magsasaka na ang gumaganap na artista, habang bukas naman ang kanilang mga palabas sa kritisismo ng mga kasama at kapwa-magsasaka.

Sa larangan ng rebolusyonaryong sining at panitikan, malaki ang papel na ginagampanan ng kabataan bilang mga intelektwal na may kakayanang lumikha ng mga piyesa at likhang sining na magsisilbi sa adhikain ng rebolusyon. Katuwang din ang kabataan sa pagpapayaman ng sining ng masa bilang mga manunuri at guro sa palihan at iba pang pangkulturang gawain sa mga komunidad at sa kanayunan.

Sa usapin ng pagsusuri o kritisismo, mahalagang tukuyin ang mahahalagang usapin at pamantayan sa paglikha ng rebolusyonaryong sining. Sa kanyang Talumpati sa Yenan Forum, ipinahayag ni Kasamang Mao Zedong na pundamental na magkaroon ng kaisahan sa pagitan ng nilalaman (o pampulitikang paninindigan) at porma (o antas ng sining) upang higit na maging epektibo ang pagpapaabot sa mensahe ng isang likhang-sining. Ang pagsasakripisyo sa isa sa dalawang ito ay magdudulot lamang ng mapurol na mensaheng taliwas sa linyang-masa. Malinaw dapat ang pagtugon at pagkilala ng bawat manggagawang pangkultura sa kung "para kanino" ang nililikhang sining at panitikan – para sa masang matagal ng pinipi ng panahon.

Patuloy na umuusad at sumusulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Manipestasyon nito ang patuloy na paglikha ng mapangahas at makabuluhang rebolusyonaryong sining at panitikan, sa kalunsuran at kanayunan.

Mula sa pagtatatwa sa hubog at dikta ng imperyalista sa sining at kultura, patuloy na ginagamit, nililikha, at pinalalaganap ang rebolusyonaryong sining tungo sa pagbubuo ng bagong tipo ng sining at panitikan na naglilingkod sa sambayanan.

# PAG-UUGAT AT PANUNUKAT

*Rebyu ng 40 Kilometro: Paggunita sa ika-40 anibersaryo ng Kabataang Makabayan*

**Tobias Mendoza**

Laksa-laksang kilometro, sanga-sangang kasaysayan, tila panunukat sa kilu-kilometrong distansya tungo sa ganap na pagbabago.

Mula sa kalunsuran hanggang sa kanayunan, sa paaralan hanggang sa lansangan, sinuyod at binagtas ng Kabataang Makabayan (KM) ang masalimuot na daan nang may paninindigan. Mahaba na nga ang kasaysayang tinahak ng rebolusyonaryong kilusan. Masusukat ito, hindi lamang sa layo ng mga martsa at lawak ng mga protesta at rali, kundi sa makabuluhang 40 taon ng KM sa pagsusulong ng interes ng kabataan at ng masang kanilang pinaglilingkuran.

Ipinamalas ang samu't saring imahe ng pakikibaka ng rebolusyonaryong kabataan sa isang eksibit na pinamagatang "40 Kilometro" na inorganisa ng Sine-Patriyotiko (SIPAT) noong Setyembre 27 hanggang Oktubre 1 sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, bilang paghahanda sa nalalapit na ika-40 anibersaryo ng KM. Nauna nang isinagawa ang nasabing eksibit sa Polytechnic University of the Philippines at binabalak pa itong ilunsad sa iba pang pamantasan sa Kamaynilaan.

Sa pamamagitan ng koleksyon ng mga larawan, dibuho, plakards, at artikulong isinalansan sa eksibit, tinalunton ang mahahalagang yugto sa kasaysayan ng KM – mula sa pagkakatatag nito, masisiglang pagkilos noong Sigwa ng Unang Kuwarto, hagupit ng Batas Militar, hanggang sa kasalukuyang rehimeng US-Arroyo.

Tunay nga, kailangang magsimula ang panunukat sa pag-uugat. Tahasang inilantad sa eksibit ang pagtuligsa ng kabataang Pilipino sa imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at pyudalismo bilang tatlong pangunahing ugat ng kahirapan ng sambayanan.

## Subersyon

Iniluwal ang KM ng mga kontradiksyong umiiral sa lipunang malapyudal at malakolonyal. Masasabing nakaugat pa ito sa naging papel ng mga kabataan sa rebolusyon. Itinatag ang KM ng 84 na kabataan mula sa mga kolehiyo, pabrika, at komunidad noong Nobyembre 30, 1964 sa ika-101 kaarawan ni Bonifacio. Sila ang nagsilbing mga binhi ng lihim na kilusang kabataang pinanday ng malalimang pag-aaral sa lipunang Pilipino at mga aksyong-masa tulad ng mga demonstrasyon laban sa pagpapaka-tuta ng gubyerno sa imperyalismong US, pagpopropaganda, at edukasyon sa unang bahagi ng dekada '60. Inilunsad naman ng mga kasapi nito ang pambansa-demokratikong paaralan upang muling pasiglahin ang kilusang pag-aaral at palalimin pa ang pag-unawa sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon noong dekada '70.

Sa pagbubukas pa lamang ng eksibit, malinaw na ang pagtuligsa at subersyon. Pormal itong binuksan ng mga lider-estudyante ng UP-Diliman sa pamamagitan ng simbolikal na pagpigtal ng alambreng tinik (*barbed wire*) sa halip ng tradisyunal na *ribbon-cutting.* Mapangahas ang nilalaman ng mga peryodikit: *Kabataan, Sumapi sa NPA! Marcos, Pasista! GMA, Tuta!* Ipinaskil din ang ilang babasahin nina Karl Marx at Mao Zedong, maging ang mga unang dokumento ng KM at pagkakatatag na talumpati ni Jose Maria Sison, na itinuring na subersibo ng reaksyunaryong gubyerno noong panahon ng diktadura. Masasalamin dito ang matalas at matapang na pagbalikwas ng kasapian ng KM sa namamayaning sistemang panlipunan, partikular sa kontra-kabataan at kontra-mamamayang iskemang nais ipatupad ng mga reaksyunaryong rehimeng kasapakat ng imperyalistang US upang tugunan ang perenyal na krisis.

Matingkad din ang pagbaklas ng eksibit sa kumbensyunal at burgis na oryentasyon ng isang museo. Ginanap ang eksibit sa isang *lobby* ng UP-Diliman, na bukas na espasyong madalas daanan ng mga kabataang estudyante. Dahil dito, naging malaya ang sinumang tingnan, lapitan, o hawakan ang mga sining biswal. Wala ring pamagat at pangalan ng artistang gumawa ang mga likhang sining, bagay na kakabit pa ng katangian ng KM bilang isang lihim na kilusang kabataan. Gumamit lamang ng mga murang materyales tulad ng diyaryo at pintura na siyang karaniwang ginagamit sa paggawa ng mga plakard at iba pang propaganda sa mga rali.

Mas naipaaabot ang mensahe sa mas nakararaming kabataang estudyante, dahil walang distansya sa pagitan ng artista, ng likhang sining, at ng manonood. May pangangailangan sa kasalukuyan na ihayag at imulat ang mga kabataang estudyante tungkol sa pambansa-demokratikong rebolusyonaryong linya na tinahak ng sanga-sangang kasaysayan ng KM, higit lalo sa panahong papalala krisis sa lipunan.

## Hamon

Pinatutunayan ng kasaysayan na integral na bahagi ng rebolusyonaryong pagkilos ang mga kabataan. Sa eksibit, makikita ito sa ilang larawan ng mga kabataang estudyanteng nakilahok sa Diliman Commune bilang pagsuporta sa welga ng mga drayber at pagtuligsa sa pagtaas ng presyo ng langis at litrato ng mga gawaing masa ng mga kabataang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Sa isa pang dibuhong walang pamagat, inilarawan naman ang isang kabataang babae bilang pulang mandirigma. Patunay itong hindi lamang napako ang mga kabataan sa pagiging mga intelektwal at tagalikha ng opinyon, kundi bilang sektor na nakikiisa sa rebolusyonaryong pagkilos ng masa. Sa panahon ng diktadurang Marcos, maraming miyembro ng KM ang direktang gumampan ng gawaing masa sa hanay ng mga uring-magsasaka, naging bahagi ng hukbo, at mga panimulang ubod ng organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan.

Ginunita rin ng eksibit ang naging papel ng KM bilang pinakamalakas at konsolidadong organisasyon ng kabataan sa Sigwa ng Unang Kuwarto. Ilang mga larawan ng marahas at madugong pagsalakay sa KM ng mga tropang militar ni Marcos ang inilantad sa eksibit, kabilang ang imahe ng mga pinaslang ng mga puwersa ng estado na kabataang aktibista. Nang ideklara ang Batas Militar, at ituring ng pasistang gubyerno na ilegal na organisasyon ang KM, nagpatuloy ito bilang isang lihim na rebolusyonaryong kilusang kabataan.

At ngayon, sa nakalipas na 40 taon, nananatili pa rin ang aktibong pagkilos at patuloy ang pagdami ng puwersa ng KM. Sa yugtong nahaharap ang bansa sa matinding krisis, na inamin mismo ng rehimeng US-Arroyo, mariin ang hamon sa hanay ng kabataan.

Sa eksibit, malinaw ang panawagang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon na tinahak ng KM upang wakasan ang malapyudal at malakolonyal na kaayusan ng lipunan. Habang umiiral ang tunggalian ng mga uri sa lipunan, patuloy na susuyurin ng kabataan ang kalunsuran at kanayunan. Patuloy na tatahakin ng kabataan ang kilu-kilometrong daan tungo sa ganap na pagbabago. Patuloy pa rin ang pagsigaw:

*Kabataang Makabayan, lumalaban!*
*Kabataang lumalaban, makabayan!*